

IKAW BA AY HANDA NA?

GUMAWA NG PLANO

BUMUO NG KIT

MANATILING NAKAKAALAM

KILALANIN ANG INYONG
MGA KAPIT-BAHAY



IMPORMASYON SA PAGHAHANDA SA
EMERGENCY PARA SA LUNGSOD NG HOUSTON,
HARRIS, FORT BEND, MONTGOMERY,
BRAZORIA AT MGA COUNTY NG GALVESTON

READY 
HOUSTON

WWW.READYHOUSTONTX.GOV



Alam ng kahit na sinong nanirahan na sa rehiyon ng Gulf Coast na ang banta ng isang sakuna ay posible kaya't kailangang maghanda ang mga residente.

Sa mga nakaraang taon, ang mga residente ng rehiyong ito ay nakaranas ng iba't ibang uri ng malalaking sakuna — mula sa mga unos at mga baha hanggang sa mga pagbulwak ng mga kemikal at pagsabog ng mga planta.



GUMAWA NG PLANO

GUMAWA NG PLANO

Ang isang mainam na plano ng paghahanda ay makakapigil o makakabawas kahit paano sa pagkalito at pagkataranta na madalas na idinudulot ng isang pang-emergency na sitwasyon. Ang simpleng pag-alam sa kung ano ang aasahan kapag nagkaroon ng sakuna sa inyong lugar o sa inyong tirahan ay susi sa kaligtasan ng inyong pamilya. Simulan ang pagpaplano nang maaga sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga tamang kinauukulan para sa tulong o impormasyon.

Kung kayo ay may mga anak sa paaralang pampubliko, bigyan ng panahon na pag-aralan ang mga detalye ng mga plano sa paghahanda ng paaralan at kung paano ganap na makikipag-ugnayan sa mga opisyal ng paaralan kapag may sakuna.

MGA PANGANGAILANGAN SA PAGGANA AT PAGKILOS

Kahit na sino — lalo na ang matatanda o ang mga may kapansanan — na walang magamit na sasakyan, walang suporta ng pamilya, o kapit-bahay, ay kailangang paunang magpa-rehistro para sa tulong sa sasakyan. I-dial ang 2-1-1 ngayon para paunang magparehistro para sa tulong sa sasakyan.

Ilan sa mga pinakamabuting mapagkukunan online ay matatagpuan sa www.readyhoustontx.gov.





BUMUO NG KIT

BUMUO NG KIT



Ang pagbuo ng pampamilyang pang-emergency na kit ay napakahalaga. Tuwing may mga emergency, kailangang nakapagsasarili kayo sa loob ng isang takdang panahon. Maaari ninyong pag-isipan ang dalawang uri ng kit na ito: isang Nadadalang Bag (Go Bag) at isang Kit na Iniiwan sa Bahay (Stay-At-Home

Kit). Ang Nadadalang Bag ay ang bag na inyong bibitbitin kapag kailangan ninyong lumisan. Ang Kit na Iniiwan-sa-Bahay ay ang inyong gagamitin kapag kailangan ninyong magkubli sa inyong tahanan. Mahalaga ang inuming tubig at mga pagkaing hindi nabubulok, ngunit huwag kalimutan ang inyong mga alagang hayop. Siguraduhin ding magdagdag ng panustos para kay Fluffy at Fido.

Bumisita sa www.readyhouston.tx.gov upang makakuha ng mga listahan para sa kit ng emergency.





MANATILING NAKAKAALAM

MANATILING NAKAKAALAM (BAGO, SA PANAHON AT PAGKATAPOS NG MGA SAKUNA)

Para sa kaligtasan ninyo at ng inyong pamilya, at sa kaligtasan ng inyong komunidad: Magsimula ngayon, na tinitiyak na ang inyong pamilya at ang inyong komunidad ay handa sa pagresponde at pagharap bago, sa panahon at pagkatapos ng mga sakuna.

Ang pagsasahimpapawid ng Sistema ng Pag-alerto sa Emergency ay pinagagana ng mga lokal na awtoridad kapag mayroong isang emergency. Bilang karagdagan sa KTRH 740 AM, ang KUHF 88.7 FM ay maaasahan din para sa mga bagong balitang pang-emergency. Maghanap ng mga link para sa karagdagang balita at kaalaman sa lagay ng panahon sa www.readyhouston.tx.gov.



KILALANIN ANG INYONG MGA KAPITBAHAY

Alam ng mga residente ng rehiyon ng Gulf Coast kung paano kumilos nang sama-sama upang magawa ang trabaho. Gaya ng nakita natin pagkatapos ng Unos na lke noong 2008, ang inyong mga kapitbahay ay maaaring maging pinakamahalagang pagkukunan ng agarang tulong pagkatapos ng isang sakuna.



LISTAHAN NG MGA KAILANGAN PARA SA PASIMULANG KIT:

Inirerekomendang panustos na sapat mula 5 hanggang 7 araw

- Tubig (isang galon bawat tao bawat araw, pang-inom at panlinis)
- Di-nabubulok na pagkain
- Radyo na pinagagana ng baterya o manu-mano at radyong nakatutok sa lagay ng panahon na may tonong pang-alerto, at mga karagdagang baterya para sa pareho
- Lente at mga karagdagang baterya
- Kit ng Pangunahing Lunas (First Aid) at kagamitan sa ulan
- Pito para sumenyas ng tulong
- Panakip ng mukha o kamisetang koton, pantulong sa pagsala ng hangin
- Mga malagihay na twalyita, mga supot para sa basura at mga panaling plastik para sa personal na kalinisan
- Liyabe o plais pang sarado ng kuryente, gaas at tubig
- Abrelata na manu-mano kung ang kit ay may lamang de lata
- Plastik na trapal at duct tape upang magbukod
- Mga kagamitan para sa kakaibang pangangailangan ng pamilya, gaya ng arawang resetang gamot, pulbos na gatas para sa sanggol, o mga lampin
- Mga tuwalyang papel at mga basong disposable, mga plato at mga kubiertos
- Pera o traveler's check, barya
- Pamatay ng sunog
- Mga posporo sa isang di nababasang lalagyan
- Pamatay ng mikrobyo o disinfectant
- Mga kopya ng mga importanteng dokumento ng pamilya sa isang di nababasang lalagyan
- Mga aklat, board game at iba pang laruang di ginagamitan ng kuryente

GUSTONG MATUTO NANG HIGIT PA?

Mag-order ng inyong kopya ng DVD ng **Ikaw Ba Ay Handa Na?** ngayon. Ang video na ginawa, lalung-lalo na sa Rehiyon ng Houston, ay binubuo ng sunud-sunod na impormasyon para matulungan ang inyong pamilya na maging handa para sa isang emergency.



Pinondohan ng Department of Homeland Security
Proyekto ng Houston UASI Community Preparedness Committee
(Houston UASI Community Preparedness Committee)

Ginawa ng Office of Public Safety and Homeland Security ng Lungsod ng Houston
(City of Houston Office of Public Safety and Homeland Security)